

1

Excited sa pagpasok sa university si Julia Ricarte dahil first day of classes nila nang araw na iyon. Graduating na siya sa kursong Accountancy. Nakasuot siya ng light yellow cotton ladies' shirt at chocolate brown low waist jeans. Nakalugay ang lagpas-balikat niyang unat na buhok at may dilaw rin siyang hairclip na nakaipit sa kanyang bangs para di iyon humarang sa mukha niya.

Popular siya sa kanilang eskuwela dahil marami ang nagsasabing cute siya. Papasok pa lang siya sa gate kanina ay marami na ang nakatingin sa kanya. Head-turner talaga ang beauty niya. Sanay na siya sa atensyon na nakukuha niya mula sa mga taong nasa paligid niya, lalo na sa panig ng mga lalaki.

Matapos ang dalawang buwan na summer vacation ay na-miss niya nang husto ang dalawang kaibigan at kaklase niyang sina Sasha at Renize. Magaganda rin ang mga ito. Mababait ang dalawa bagaman may kapilyahan din na gaya niya. Iyon siguro ang common factor nila kaya madali nilang nakasundo ang isa't isa. 'Naughty girls' ang tawag sa kanila ng marami dahil may kani-kanyang kapilyahan

ang bawat isa sa kanila. Kapag nagsasama-sama silang tatlo, laging may sorpresang nagaganap.

Sa kanilang tatlo, si Sasha ang pinakasimpleng magdala ng kapilyahan sa kanila. Hindi masyadong bulgar. Ang tawag nga niya rito ay pasimpleng garapal. Nakakapeke ang pagiging pasimpleng effect nito, pero nakakagulantang naman ang kapilyahan kapag sinumpong. Napakaamo pa ng mukha ng kaibigan kaya marami itong napepeke at napapaniwalang matino ito. Kung alam lang nila, mas malala pa ito kay Renize.

Si Renize kasi ay halata kaagad na naughty kahit sa unang tingin pa lang. Kung manamit ito ay parang galit sa tela. Napakaiikli ng suot nito. Noong nagdaang taon ay ipinatawag ito ng guidance counselor. Inililip nito ang skirt ng school uniform nila para lang maipakita nito ang magagandang legs. Feel na feel talaga nitong magpakita ng flesh. Maputi kasi ang kutis nito at napakakinis.

“My gosh, na-miss ko kayo!” Isa-isang niyakap ni Julia ang mga kaibigan nang abutan niya ang mga ito sa corridor ng main building. Doon ang first subject nila. “Akala ko ba di ka mag-e-enroll ngayon?” tanong niya kay Sasha. Ka-text niya lang ito noong isang araw at nasabi nito sa kanya na hindi pa rin ito

nakakapag-enrol dahil kapos daw sa pera ang mga magulang nito ngayon.

Walang regular na trabaho ang ama nito, pagkatapos ay sunud-sunod pa nang ipinanganak ang mga kapatid nitong maliliit. May katamaran ang ginoo kaya madalas matanggal sa trabaho. Tila masipag lang ito sa pagpaparami ng bata.

“Akala ko nga rin hindi, eh.” Si Sasha pa naman ang masigasig mag-aral sa kanilang tatlo. “Buti na lang nakahanap ako ng raket,” masaya pang pagbabalita nito habang hindi mapalis-palis ang ngiti sa mga labi.

“Raket?” ulit ni Renize na tumaas ang kilay nang marinig ang tinuran nitp.

Ang huling naging raket nito ay sa barbecue-han sa plaza. Nahinto lang si Sasha sa pagpasok doon nang mapasma ito at magkasakit. Kung hindi pa ito sinuuban ni Mang Gorio, ang kilalang albularyo sa lugar nila, baka tuluyan na itong nalumpo.

“Saan naman iyan?” paismid na tanong niya.

“Sa lugawan,” bulong nito.

Nanlaki ang mga mata ni Renize nang marinig ang sinabi nito. “Sa lugawan ng mga Advincula?”

paniniguro nito.

“Oo, bakit parang gulat na gulat kayo?” anitong tila nagtataka sa naging reaksiyon nila.

“Di kaya matuluyan ka na sa raket mong iyan? Aba’y magdamag ang trabaho sa lugawan, ah, ’tapos mag-aaral ka sa araw.” Napailing siya.

Kabisado niya ang lugawang pinasukan nito dahil madalas din siyang kumain doon. Twenty-four hours na bukas iyon kaya tiyak niyang hindi birong magtrabaho roon lalo pa’t napakaraming customers ng kainang iyon.

“Kailangan, eh. Parang bago naman kayo nang bago sa sitwasyon ko. Kaya ko iyan!” very positive namang sabi nito.

“Ang lakas talaga ng fighting spirit mo, ’Te! Pero ang hina naman ng katawan mo,” ani Renize.

Mukhang kulang sa sustansya sa katawan si Sasha. Maputla ang kulay nito. Hindi nakakapagtakang maging ganoon ang kulay nito dahil sigurado siyang kulang ito sa pagkain. Sa dami ng mga kapatid nito ay tiyak niyang tipid ang mga ito sa pagkain.

Sa kanilang magkakaibigan ay si Julia lang ang walang problema pagdating sa pera. Nasa abroad

ang mommy at daddy niya kaya sustentado siya sa lahat ng pangangailangan niya lalo pa at dadalawa lang silang magkapatid. May-asawa na ang kuya niya kaya siya na lang ang tinutustusan ng mga magulang niya. Kunsintidor pa ang lola niya na nag-aalaga sa kanya, kaya sunod ang lahat ng kanyang luho.

Kapag nakikita niya ang dalawang kaibigan na kailangan pang kumayod para makapag-aral ay lalo niyang minamahal ang mga magulang niyang nagpapakahirap sa abroad para lang mabigyan siya ng magandang buhay.

“Hanggang alas doce lang ang duty ko sa lugawan, kaya makakatulog pa rin naman ako kahit papaano,” pagtatanggol ni Sasha sa sarili.

Napailing siya. Malnourished na ito ay magpupuyat pa? Hindi kaya maaga itong mamaalam sa mundo?

Sa pag-iling niya ay may nahagip ang kanyang mga mata na nakapagpalaki ng mga iyon. “OMG!” aniyang natulala.

Pakiwari niya ay nalaglag ang puso niya sa sahig sa nakita. Napakaguwapo ng lalaking pababa ngayon sa motorsiklong pumarada sa tapat ng main building kung saan sila naroroon.

Obviously ay kaedad niya lang ito, pero sa tantiya niya ay nasa five feet nine inches na ang taas ng lalaki. Nakasuot ito ng body fit t-shirt, maong jeans at rubber shoes. May slingbag ito na nakapaekis sa katawan. Tiyak niya sa hitsura ng lalaking ito ay maraming babae ang mangangarap na makaangkas sa motorsiklo nito.

Lalo siyang nanginig nang makita niyang patungo ito sa direksyon kung saan sila nakatayo. Parang tumigil ang buong paligid sa kanya. Nawala lahat ng ingay. Ang tanging naririnig niya ngayon ay ang nakabibinging tibok ng kanyang puso.

Nakatingin din ito sa kanya kaya pasimple niyang inayos ang rebonded niyang buhok. Inipit niya iyon sa kanyang tainga at pasimpleng binasa ang kanyang mga labi.

“Ang guwapo niya!” kilig na kilig na bulong niya sa dalawang kaibigan habang nakakapit siya sa magkabilang braso ng mga ito. Nagpapasalamat siya dahil napapagitnaan siya nina Sasha at Renize, kaya hindi pa siya bumabagsak sa sahig sa kabila ng pangangatog ng kanyang mga tuhod. Ngayon lang siya nakadama ng ganito kalakas na atraksyon sa isang lalaki.

“Umayos ka nga, Julia,” pasimpleng saway ni

Renize sa kanya. Napapansin marahil nito na para na siyang hihimatayin.

Ngayon lang siya nakakita ng ganito kaguwapong lalaki, kaya masisisi ba siya kung maging ganito ang epekto nito sa kanya?

Yumuyugyog na ang buong katawan niya sa kilig dahil ngumiti ito sa kanya. “OMG! Nginitian niya ako!” Napahigpit ang hawak niya sa dalawang kaibigan. Ang ganda kasi nitong ngumiti. “Ang cute niya, promise!”

Ngumiti rin siya nang ubod-tamis para gantihan ang ginawa nitong pagngiti sa kanya. Lumitaw ang dimples niya sa magkabilang pisngi.

“Hi!” anito na kumaway.

Muntik na siyang matumba nang marinig ang sinabi nito.

Did he just say hi to me? OMG! Ang ganda ko! “Hi!” nakangiting bati niya rito. Mabuti na lang at hindi pa niya naiaangat ang kanyang kamay para kawayan din ito.

Mula kasi sa likuran ay narinig niya ang boses ng kaklase niya noong third year.

Si Angelica iyon na bumati rin sa lalaki. “Hi,

Aldrin.”

Kaagad siyang napalingon dito. Masaya nitong sinalubong ang cute na lalaki.

Tama ba ang nakikita niya ngayon? Dumerecho ito kay Angelica at masayang nagbatian ang mga ito. Ipinakilala ito ng babae sa mga kagrupong nito at hindi sila iyon. Hindi niya ito kailanman naka-vibes.

“Close sila ni Angelica?” takang-takang bulong niya sa mga kaibigan niya.

Paano kaya napagtitiisan ng lalaking ito ang ugali ni Angelica? Hindi nga niya mapagtiyagaang kausap ito sapagkat mayabang ang babae. She talked too much about herself.

Naramdaman niya na lang ang kamay ni Renize na humawak sa ulo niya at itinulak iyon nang mahina kaya iyon umuga. Marahil ay binatukan siya nito para magising siya sa isang bangungot.

“Ano ba ang ipinuputok ng butse mo? Eh, sa si Angelica ang type niyang friend,” pagalit na saway nito sa kanya.

Napalingon siya sa grupo ni Angelica. Mukhang ang saya-saya ng mga ito sa pagkukuwentuhan. Panay ang tawa ni Cute Guy na tila enjoy na enjoy

naman sa company ng nakakaumay na babae.

“Alam mo, may mali, eh. Hindi tama ito!” Hindi na siya mapakali. “Bakit parang hindi niya man lang ako napansin? Hindi ako sanay na hindi pinapansin ng human species na tinatawag nilang lalaki!” protesta niya. Ito lang kasi ang lalaking dedma sa beauty nilang magkakaibigan. “Tama bang hindi man lang tayo tinapunan ng tingin? Parang ayaw kong maniwalang cute ako!” Nilamukos niya ang tapat ng kanyang puso.

Tumikwas ang bibig ni Renize. Inis na inis talaga ito sa kanya kapag umo-OA siya nang ganito. “Oo, cute ka pero nagkataong hindi ka niya type! Gan’on lang iyon.”

Inirapan niya ang kaibigan. Tama bang i-assume kaagad nito na hindi siya type ni Mr. Cute Guy? Malay nila kung hindi lang talaga siya napansin nito sapagkat sinalubong kaagad ito ni Angelica.

“Hindi kaya invisible na ako? Umamin nga kayo, nakikita n’yo ba ako?”

Muli ay naramdaman niya ang kamay ni Renize na tumulak sa ulo niya. “OA! Tama na iyan at nakakairita.”

“Nandiyan na si Mr. Florendo.” Siniko ni Sasha

ang tagiliran niya.

Si Mr. Joselito Florendo ang accounting instructor nila. Nasa tapat na ito ng classroom at kasalukuyang binubuksan ang naka-padlock na pinto. Dumaan na pala ang matanda sa harap ni Julia pero hindi niya ito napansin. Buhat kasi nang makita niya ang lalaking iyon na tinawag ni Angelica ng 'Aldrin' ay nawindang na ang buhay niya. Pakiramdam niya ay nawawala na siya sa kanyang sarili. Ang gusto niya na lang gawin ay tingnan ito.

Nilingon niya si Angelica at ang lalaking iyon. Masaya pa ring nagkukuwentuhan ang dalawa habang hinihintay na mabuksan ang classroom.

Sa unang beses ay nakadama siya ng inggit kay Angelica. Dati kasi ay wala siyang makitang dahilan para kainggitan ito. Pansin niyang ito ang may malaking inggit sa kanya dahil pulos signature ang mga gamit niya.

Buti pa ito, mukhang close kay Aldrin. Sana ay siya rin.

Pinapasok na sila ni Mr. Florendo sa loob ng silid-aralan. Panay pa rin ang lingon niya sa lalaki, pero hindi man lang ito tumingin sa kanya.

Nakita niyang pumasok din ito sa classroom nila.

Ibig sabihin ay magiging kaklase nila ang lalaking ito. Hindi niya alam kung bakit parang lumilindol na ang buong paligid niya. Pakiramdam niya ay gumagalaw na ang kanyang upuan sa tindi ng kabog ng dibdib niya.

Hinihintay niyang tumingin sana ito sa kanya, pero hindi man lang siya tinapunan nito ng tingin. Ano ba ang nakita ng binata kay Angelica at ito na lang lagi ang tinitingnan nito? Attracted ba ito sa dalaga?

Ay, hindi p'wede ito! protesta ng isip niya. Hindi siya papayag na hindi siya mapansin ng lalaki

Pinagmasdan niyang mabuti si Angelica. Maputi rin ito at maganda, pero nababaduyan siya sa paraan ng pananamit nito. Hindi niya maintindihan ang fashion trend na sinusunod nito. Kung makapag-mix match ng kulay ng damit ay masakit sa mata. Gaya ngayon, nakasuot ito ng purple shirt at green leggings.

Eww! What a color combi! Kailan pa p'wedeng pagternuhin ang purple at green?

Pa-genius effect pa ang babae pagkat nakasuot pa ito ng eyeglasses gayong nabisto niyang wala naman pala iyong grado nang mapangatihan niyang isuot

iyon. Naiwan kasi nito iyon minsan sa upuan nito.

Hindi niya maunawaan kung ano ang drama ng kaklase. Bakit ito nagsusuot ng salamin gayong hindi naman pala malabo ang mata nito? Kung may malabo sa parte ng katawan ni Angelica ay ang utak nito! Trying hard din itong mag-English kahit mali-mali. Paano kaya ito napagtitiyagaan ni Aldrin?

Nagkaroon sila ng orientation bilang pagsisimula ng kanilang klase. Nais daw ni Mr. Florendo na makilala sila, kaya isa-isa silang pinatayo para ipakilala nila ang kanilang mga sarili.

Pinakaabangan ni Julia ang pagtayo ng lalaking iyon para malaman niya ang buong pangalan nito, kung ilang taon na ito at kung tagasaan. Halos sumakit ang tiyan niya sa paghihintay ng turn nito. Pakiramdam niya ay tumataas ang acid level niya sa inip.

Sa wakas ay tumayo rin si Aldrin.

“I’m Aldrin Villacorta, twenty-one years old and a transferee from Mexico,” anitong ngumiti kay Mr. Florendo.

“Mexico nga ba ang narinig kong sinabi niya?” bulong ni Sasha sa kanya. “Mexican pala siya?” anito pero pinigilan niya ang pag-iingay nito dahil gusto pa

niyang marinig ang susunod na sasabihin ng lalaki.

“Are you a Mexican?” tanong ng guro rito.

Natawa ito at napailing. “We’re from Mexico, Pampanga, Sir,” tugon nito.

Nagtawanan ang buong klase.

“My family lived there for quite sometime, but San Agustin is our hometown,” dugtong pa nito.

Hindi naman kataka-taka kung mapagkamalan itong Mexican dahil matangos ang ilong nito at brown ang kulay ng mga mata. Mas kataka-taka pa nga para sa kanya kung bakit naging kaibigan nito si Angelica.

Di naman kaya girlfriend nito ang babaeng iyon?

It cannot be, borrow one from me!

Tumututol talaga ang kanyang isip.

2

“Hay!” buntong-hininga ni Julia habang pinapanood sina Aldrin at Angelica habang nagmemerienda ang mga ito sa university canteen. Naroon din silang magkakaibigan para kumain.

Maliban sa parehong letter ‘A’ ang simula ng pangalan ng mga ito ay wala na siyang nakikitang iba pa na pareho sa mga ito. Mukhang nakakasunod sa trend ang lalaki at mukha ring matalino ito. Pero ang ipinagtataka niya, bakit parang masayang-masaya ang mga ito? Panay ang tawanan ng mga ito at panay pa nga ang tampal ni Angelica sa balikat ni Aldrin. May pakurot-kurot pa ito sa tiyan ng binata at parang tuwang-tuwa naman ito sa ginagawa ng kaklase rito.

“Alam mo, tigilan mo na iyan, Julia. Hindi tama na pinagnanasaan mo ang isang taong wala namang interes sa ‘yo,” saway ni Renize sa kanya. Mukhang kanina pa ito nasasagwaan sa ginagawa niyang pagtitig sa lalaking iyon.

“Akala mo lang iyon. I promise, mapapansin niya rin ako.” Inirapan niya ito.

“At ano naman ang plano mong gawin?” tatawa-

tawang tanong ni Sasha.

“Watch and learn,” aniyang tumayo. Lalapitan niya talaga si Aldrin kung kinakailangan. Ganoon na siya kadesperadong magpapansin sa lalaking ito.

Naramdaman niya ang kamay ni Renize na pumigil sa kamay niya. “Umupo ka nga. Nakakahiya ka,” anitong hinila ang kamay niya kaya napaupo siya sa tabi nito.

Inirapan niya ang kaibigan. Alam niyang ramdam nito ang inis niya sa ginawa nitong pagpigil sa kanya.

“Ito ang tandaan mo, hindi dapat na ikaw ang unang magpakita sa lalaki na malaki ang interes mo sa kanya kung gusto mong seryosohin ka niya. Hayaan mong siya ang unang magpakita ng interes sa 'yo. Naughty lang tayo, pero hindi tayo easy!” pangaral nito.

“Kung magsalita ka, parang ikaw ang palaki ng lola,” ingos niya. “Sa pagkakaalam ko ay ako ang palaki ng lola dito, pero bakit ikaw ang napaka-old fashioned?” batikos niya. Kung makapangaral kasi si Renize ay parang hindi kita ang kaluluwa nito kung manamit.

“Tama! Kung makapangaral ka, 'Te, parang hindi ka naka-backless!” pagkampi ni Sasha sa kanya. Hindi

rin pala ito kumbinsido sa style na iyon ni Renize.

Napatingin ang huli sa kanilang dalawa ni Sasha, Wala itong kakampi kaya wala itong magawa kundi ang simangutan na lang sila.

“Sige, magkampihan kayong dalawa,” anitong napailing na lang.

Kinabukasan ay inabutan ni Julia si Aldrin nang makapasok siya sa loob ng classroom. Gaya ng dati, si Angelica uli ang kausap nito.

“Hi, girls!” Sinadya niyang lakasan ang pagbati niya kina Renize at Sasha na inabutan na niya roon para sana mapansin siya ng hinahangaang binata, pero nadismaya lang siya. Zero! Zero visibility ang dating niya rito. At dahil sanay siya sa atensyon, hindi iyon naging maganda sa pakiramdam niya. Masyado na siyang naiinsulto.

Nainis siya nang makitang magka-share pa ang dalawa sa earphone ng *MP3* na dala ng lalaki. Sabay pang umiindak ang mga ito dahil sa tugtog na pinapakinggan.

Hindi niya alam kung sinasaniban na siya o ano. Bakit parang nais niyang hablutin ang earphone na

iyon at nang matigil na ang pagpapakita ng mga ito ng sweetness sa isa't isa? Hindi na kasi siya makahinga sa nakikita.

Sila na ba? Nagsisimula na siyang manibugho.

“Pinapahirapan mo lang ang sarili mo. Ang daming nagpapa-cute sa 'yo, eh, kinukunsumi mo ang sarili mo sa lalaking iyan,” narinig niyang ibinulong ni Renize sa tainga niya.

“Hayaan mo na nga siya. Kung saan siya masaya, eh di... doon siya masaya!” pabirong kontra ni Sasha.

Mabuti na lang at may kakampi siya. Pakiramdam ni Julia ay naiintindihan ng mga ito ang nararamdaman niya.

Napatingin siya sa kanyang kaibigan at napangiti. Napagmasdan niya tuloy ang mukha nito. Mukhang kulang sa tulog pero maganda pa rin ito. “Anong oras kang nakatulog kagabi?” Hinaplos niya ang eyebags nito.

“Mag-a-ala una na siguro,” sagot ni Sasha. “Ang dami kasing customers ng lugawang iyon.” May duty ito sa lugawan nang nagdaang araw matapos ang kanilang klase.

Naawa siya pero sinadya niyang huwag ipakita

iyon. Baka kasi maawa rin ito sa sarili.

“Kaya mo kayang pangatawanan iyan?” tanong ni Renize dito. Halatang naaawa rin ito kay Sasha.

Mabuti na lang at nailigaw niya ang usapan. Napunta na sa kaibigan nila ang atensyon ni Renize at gusto niya iyon.

Natapos ang buong maghapon, pero nabigo siyang masulyapan man lang ni Aldrin.

Lalo siyang nacha-challenge na gumawa ng paraan para mapansin siya nito.

Napakalakas ng puwersa na humihila kay Julia upang gumawa ng paraan para mapansin ni Aldrin. Alam niyang hindi siya mahihirapang kunin ang loob nito kung makukuha niya lang sana ang atensyon nito. Sapat na iyon para makita nito ang mga katangian niyang wala kay Angelica. Hindi siya naniniwalang nobya nito ang babaeng iyon dahil wala sa tipo ni Aldrin ang pumapatol sa ganoong klaseng babae.

Pagdating na pagdating niya sa bahay ay kaagad siyang nagsuot ng kanyang cycling shorts. May mountain bike siyang binili ng papa niya noong nakaraang nagbakasyon ang mga ito. Kahit hindi

siya katangkaran ay maganda ang kanyang katawan. Hindi man siguro perfectly shaped gaya ng bote ng softdrink, pero alam niyang kahit anong damit ang suotin niya ay bumabagay talaga sa kanya. Dance instructors ang mga magulang niya sa Australia kaya figure-conscious ang buong pamilya niya.

Sakay ng kanyang bike ay tinungo niya ang subdivision na narinig niyang sinabi ni Aldrin na tinitirhan ng mga ito. Nasabi nito na nag-transfer ang buong pamilya nito sa San Agustin dahil dito na assign ang daddy nito na ngayon ay chief of police sa kanilang lugar.

Matulin ang pagpapatakbo niya ng mountain bike, kaya mabilis niya lang narating ang kanyang destinasyon. Nasa bukana na siya ngayon ng subdivision kung saan nakatira ang lalaking nakakapagbigay sa kanya ngayon ng di-maipaliwanag na pakiramdam. Buhat nang makita niya si Aldrin ay wala na siyang ibang inisip kundi ito.

Kabisado niya ang pasikut-sikot sa subdivision na tinitirhan ngayon ng kaklase. Madalas siyang mag-bike doon. Maluwag kasi ang mga kalsada at walang gaanong sasakyan na pumapasok doon. Newly developed pa lang ang subdivision at wala pa rin gaanong bahay na nakatayo sa paligid. Tiyak niyang

mahamanapan niya kaagad ang bahay ni Aldrin.

Pumasok siya sa mga kalye na may nakatayong bahay. Nagbabakasakali siyang malalaman niya ngayon kung saan nakatira ang lalaki.

Hindi niya nakita ang motorsiklo nito sa mga bahay na nalampasan niya, kaya nang marating niya ang dulo ng kanto na unang pinasok ay kumaliwa siya.

Nakahinga si Julia nang maluwag nang sa pangatlong kantong pinasok niya ay natanawan na niya ang motor nito na nakaparada sa harap ng gate ng may kalakihan ding bahay.

Nagmenor na siya dahil ayaw niyang maging mabilis ang pagdaan niya sa tapat ng bahay nito.

Wish niya lang ay makita niya ito para magkaroon siya ng pagkakataong makausap ang binata. Hindi niya ito malapitan sa eskuwela dahil lagi itong nakadikit kay Angelica.

Napapreno siyang bigla nang makita niyang bumukas ang gate. Nanginig ang buong katawan niya nang makitang si Aldrin ang lumabas mula roon. Nahirapan na siyang huminga sa sobrang lakas ng tibok ng kanyang puso.

Ano ba naman Julia, pakatatag ka! Kaya mo iyan!
pag-encourage niya sa sarili.

Nakasuot ng jersey shorts at shirt ang binata at may hawak itong bola ng basketball. Kahit ano yata ang isuot nito ay talaga namang napakaguwapo nito.

May basketball court sa unahan pa ng kinaroroonan nila kaya malaki ang hinala niyang doon ito pupunta.

Napatingin ito sa kanya. Nagulat pa siya nang ngitian siya nito. Para siyang lumutang sa tuwa. Ang sarap ng pakiramdam niya dahil sa wakas ay nakikita na siya nito ngayon. Hindi naman pala ito suplado gaya ng unang akala niya rito. Ang tamis ng pagkakangiti nito sa kanya.

Sa kasamaang-palad, na-out of balance siya dahil sa paglingon niya kaya natumba ang kanyang bisikleta. Bumagsak siya sa sementadong daan na una ang puwit.

Nakita niyang nagmadali itong daluhan siya. Napangiwi siya sa sakit, pero nang makitang papalapit ito sa kanya ay pinilit niyang palitawin na hindi siya nasaktan. Ngumiti siyang muli at nagmadaling tumayong mag-isa bago pa ito nakalapit upang tulungan siya.

“Are you okay?” tanong nito, halatang nag-alala.

“Okay lang ako.” Pinagpag niya ang puwitan ng kanyang cycling shorts. Siyempre super-mega-tago siya na nasaktan siya. “Dito ka pala nakatira?” Kunwari naman ay hindi niya alam.

Mukhang nagtaka ito sa tanong niya. Pinakatitigan siya nito na parang may malaking katanungan sa isip nito. Base sa tingin nito sa kanya ay parang di siya matandaan ng kaklase.

Hindi siya magtataka kung wala itong makitang iba. Kay Angelica lang kasi laging nakatuon ang tingin nito na tila ang babaeng iyon na lamang ang tao sa mundo.

“Hurt naman ako. Huwag mong sabihing hindi mo ako natatandaan, eh, magkaklase kaya tayo. Ako si Julia.” Iniabot niya ang kanyang kamay rito.

Natawa itong bigla. Inabot nito ang kamay niya at nakipag-handshake sa kanya. “Pasensya na.” Hindi nito binitawan ang kamay niya.

Hindi niya alam kung naramdaman nito ang panlalamig ng kamay niya dahil sa sobrang nerbyos. Napakainit ng palad nito at kakaiba ang hatid na ligaya ng init na iyon sa kanya.

“Magkaklase pala tayo?” Muli siya nitong pinakatitigan bago binitawan ang kamay niya.

“Oo naman. Hindi mo lang siguro ako napapansin kasi hindi mo naman ako tinitingnan. Lagi kasing...” Hindi niya naituloy ang sinasabi. Napaigtad siya nang makarinig siya ng isang malakas na tugtugan mula sa loob ng bahay ng mga ito. “Ano iyon?” tanong niya. Parang may konsyerto sa loob ng tahanan nito.

“Brothers ko, nagpa-practice sila ng banda,” anitong ibinalik muli ang tingin sa mukha niya.

Nanlaki ang kanyang mga mata. “You mean tumutugtog sa banda ang mga kapatid mo? Okay lang ba iyon sa mga parents mo?”

Napangiti ito. “Gabi na rin naman dumarating sina Mommy at Daddy kaya okay lang iyon sa kanila. By the time na nasa bahay sila ay tapos na ang praktis,” tugon nitong muling napadako ang mga mata sa mukha niya. Tila pilit pa rin siyang inaalala nito. “Bumubuo pa lang din ng banda ang mga utol ko. Iyon ang hilig nila,” patuloy nitong ini-dribble ang bolang hawak.

“Bakit ikaw, hindi ka ba mahilig?” tanong niyang inakay ang kanyang bisikleta. Natuwa siya nang sumabay ito sa kanya sa paglalakad habang

nagkukuwentuhan sila.

“Konti lang. I play drums sometimes pero hindi ko masyadong matagalan. Naiingayan ako,” anito na muling napatingin sa kanya. Mula kanina ay napapansin niyang panay ang tingin nito sa mukha niya. Sa hula niya lang ay nagagandahan sa kanya si Aldrin pagkat madalas din itong mapatulala habang tinitingnan siya.

Sabagay ganoon din naman siya. Alam niyang napapansin din nito na hirap siyang alisin ang paningin sa mukha nito.

“Alam ko na kung ano ang gusto mo. Basketball, ano?” aniyang itinuro pa ang bolang hawak nito.

Natawa ito. “Obvious naman, di ba?” Halatang naaliw ito sa kanya. “Ikaw, ano’ng hilig mo? Music o sports?” tanong nito na muling ngumiti.

Pamiliin ba talaga siya nito? Alangan naman na sabihin niyang music, di nawalan ito ng interes sa kanya.

“Gusto ko ngang matutong mag-basketball, eh.” Alam niyang iyon ang tama niyang isagot.

“Gusto mo bang turuan kita?” anang binata na muling tumitig sa kanya.

Kiss And Run - Charisse Pamela

Sino siya para tumanggi?

3

Laylay na ang dila ni Julia sa pag-agaw ng bola mula sa kaklase, pero hindi niya makuha ang hawak nito. Napakagaling nitong magpalipat-lipat ng bola sa kamay.

“Sige lang, hulihin mo.” Tawa ito nang tawa dahil pawis na pawis na siya, ngunit hindi pa rin niya maagaw ang bola mula rito.

Naisip niyang dayain ito para maagaw niya ang bola. Sinadya niyang idikit ang katawan niya kay Aldrin para sirain ang concentration nito. Napangiti siya nang mapansin niyang natigilan ito dahil dumikit talaga ang dibdib niya sa dibdib nito.

Nagkaroon siya ngayon ng tsansa para agawin ang bola.

Sa wakas, nasa kamay na niya iyon.

“Yehey!” aniyang nagtatalon sa tuwa habang itinataas ang hawak na bola.

Pinalakpakan siya nito habang ang ngiti ay abot-tainga. “Ang galing mo, ah. Naagawan mo ako ng bola,” turan nitong pinunasan ng braso ang pawis

nito sa noo.

“Nakakapagod nga lang.” Initsa niya rito ang bola saka niya itinukod ang mga kamay sa kanyang magkabilang tuhod. Hingal-kabayo na siya.

“Maupo muna tayo,” yaya nito. Itinuro nito ang lilim ng puno na nakatayo malapit sa court.

Palubog na ang araw kaya hindi na masyadong mainit.

Sabay nilang tinungo ang ilalim ng puno.

“Kailan pa kayo dito sa San Agustin?” tanong niya.

“Noong summer lang,” sagot nito. “Pero tagarito talaga sina Daddy. Kaya nga natuwa siya nang maideestino siya dito.” Napatingin muli sa kanya ang kausap. Nakangiti ito pero naglalakbay ang tingin sa kabuuan ng kanyang mukha. “Ikaw, saan ka nakatira dito?” Ibang-iba ang trato nito sa kanya ngayon at ikinatutuwa niya iyon.

“Diyan lang sa kabilang subdivision, pero dito talaga ako madalas mag-bike. Mas maluwang kasi ang mga kalsada dito at walang gaanong bata sa daan.” Hinilot niya ang kanyang mga binti. Pakiramdam niya ay nangalay ang mga iyon.

“Masakit ba?” Hinawakan nito ang binti niya.

Napapitlag siya sa ginawa nito, ngunit nang pisilin nito iyon habang nakangiti sa kanya ay hindi na niya nagawang magreklamo pa. Napakainit ng palad nitong humahagod doon. Minamasahe nito ang nangalay niyang binti. Wish niya lang ay huwag sanang mapansin nito na tumataas lahat ng balahibo niya sa katawan. Para siyang nakuryente.

“Ganyan talaga sa umpisa, mananakit muna ang mga binti mo pero masasanay ka rin.” Sige ang hilot nito.

Nakakarindi na talaga sa isip ang cuteness nito.

Hindi siya makapaniwala na nagawa niyang makipaglapit dito nang ganoon lang kadali.

Hinihilot nito ngayon ang legs niya habang nakikipagkuwentuhan sa kanya. Nakipaglaro rin ito sa kanya ng basketball at ramdam niyang nag-enjoy ito nang husto sa company niya. May mahihiling pa ba siyang iba?

“Bukas laro uli tayo para masanay ang mga binti mo. Inuman mo iyan ng muscle relaxant kung gusto mong makabangon bukas,” natatawang bilin nito sa kanya. Pinisil pa nito na parang nanggigil ang legs niya bago nito iyon binitawan.

“Pagabi na. Uuwi na ako,” paalam niya.

Kailangan na kasi niyang umuwi dahil walang headlight ang kanyang bisikleta. Pakagat na ang dilim.

Nauna itong tumayo bago siya nito hinila patayo. Medyo napalakas pa nga ang hila nito sa kanya kaya muntik na siyang mapayakap dito.

Naitukod ni Julia ang kamay sa dibdib ng binata. Bagay na pinagsisihan niya rin sa dakong huli. Naisip niyang buti pa sanang niyakap niya na lang ito. Tingnan niya kung makatulog pa ito mamayang gabi.

“May nakapagsabi na ba sa ’yong ang ganda ng dimples mo?”

Napatingin siya rito. Nakatitig pala ito sa mukha niya.

Buti na lang at papadilim na kaya hindi na siguro nito napansin ang pagpula ng mga pisngi niya.

“Bye, see you at school tomorrow,” paalam niya. Sumakay na siya sa kanyang bisikleta.

Malayu-layo na rin ang napepedal niya, pero nang lingunin niya si Aldrin ay nakatingin pa rin ito sa kanya at muli pang kumaway.

“Masaya yata ang apo ko ngayon?” salubong sa kanya ni Lola Tere nang makauwi siya ng bahay. Pakanta-kanta kasi siya at pasayaw-sayaw pa nang pumasok sa kanilang tahanan.

“Talagang masaya ako, Lola.” Hinawakan ni Julia ang magkabilang pisngi nito at hinagkan ito sa noo. Ganoon talaga siya sa lola, very sweet.

“Amoy pawis ka na. Saan ka ba nakarating sa pagbibisikleta mo?” tanong nito na nagtakip pa ng ilong.

Inamoy niya ang sarili niya. Maasim na nga siya.

“Sa kabilang subdivision, 'La. Alam mo bang nag-basketball ako?” Gumiling siya na parang bulate sa harap ng lola niya. Ganoon ang ginagawa niya sa tuwing masaya siya.

“Ha? Basketball?” anitong napatingin sa kanya.

“Opo, basketball,” Sinayawan niyang muli ito habang kumakanta siya ng *'Basketball'*.

Kinurot nito ang kanyang tagiliran. “Mukhang inspirado ang apo ko, ah.” Ginaya nito ang ginawa niyang paggiling kanina. Magaling din sumayaw ang matanda noong kapanahunan nito, ayon sa mommy

niya.

Nagtawanan sila.

“Maligo ka na nga at amoy-paksiw ka na.”
Tinapik nito ang puwit niya.

“Aray!” reklamo niya. Ngayon niya lang naramdaman uli ang sakit ng puwit niya nang bumagsak siya sa semento kanina. “May *Alaxan* if-ar ka, 'La?” Ginaya niya ang pagbigkas ng Pambansang Kamao sa TV commercial nito.

“Bakit? Nananakit ang katawan mo sa basketball?”
Tinungo nito ang medicine cabinet. Tumango siya. “Yan ang napala mo. Para kasing magaling.” Napailing ito habang naghahanap ng gamot. “O, heto.” Iniabot nito sa kanya ang isang kapsula.

“Aray ku, galing ku!” Sinadya niyang patigas ang dila niya para makuha ang Visayan accent ni Manny Pacquiao.

Natawa na lang si Lola Tere.

Pagkatapos maligo ay ang cellphone kaagad ang hinarap ni Julia. Nag-register siya para makapag-unlimited call. Hindi siya kontento kung sa text lang niya ibabalita ang nakakakilig niyang experience

kanina.

Una niyang tinawagan si Renize. May pumasok kasing idea sa isip niya para lalo siyang mapalapit kay Aldrin.

Nais niyang irekomenda ang kaibigan sa banda ng mga kapatid ng binata para magkaroon siya ng dahilan na laging magpunta roon. Kunwari ay sasamahan niya lang si Renize kapag may practice ang mga ito sa banda.

“Tingnan ko kung kailan maluwag ang schedule ko. Sa ngayon kasi ay full load ang schedule ko,” tugon ng babae nang i-open niya rito ang tungkol sa banda.

“Di ba every Friday at Saturday nights ka lang naman kumakanta?” Natatandaan niyang nasabi nito sa kanya na hindi ito kumakanta pag may klase kinabukasan. Inuumaga kasi talaga ang mga ito sa pagkanta lalo na kung huling gabi ng lamayan ang kinakantahan ng mga ito. “Kung wala kang kakantahan pagkatapos ng klase natin bukas ay p’wede kang sumama sa akin para maipakilala ka namin sa mga brothers niya na bumubuo ng banda. Tiyak kong magugustuhan ka nila kasi ang galing mo kayang kumanta. Di ba pangarap mong mapasali sa banda?”

Nasabi kasi nito noon sa kanya na gusto nitong sumali sa banda. Organista lang kasi ang kasama nito kapag rumaraket sa mga lamayan at binyagan kaya mababa ang budget. Mas malaki raw talaga ang kikitain ni Renize kung kakanta ito sa banda.

“O, sige, try natin.” Tila nakumbinsi niya rin ito.

Halos ma-low batt na ang cellphone niya nang matapos siyang magkuwento kay Renize. Hindi pa siya nakontento sa cellphone. Binuksan niya ang kanyang laptop at hinanap sa *Facebook* ang account ni Aldrin Villacorta. Hindi naman siya nahirapan sa paghahanap. Ang totoong pangalan kasi ang ginamit nito sa *Facebook* account. Ang guwapo nito sa profile picture!

In-add niya ang binata as friend. Confident siyang tatanggapin nito ang friend request niya. Naisipan niyang mag-iwan na rin ng message para dito.

Hi! I just want to let you know that I enjoyed the game this afternoon. I really do. Can't wait to play another game with you again. See you tomorrow at school.

Pinatay niya ang kanyang laptop at pabagsak siyang nahiga sa kama.

Masaya siya sa tinatakbo ng mga pangyayari. Nakita niya kanina sa paraan ng pagtitig sa kanya ni Aldrin na attracted din ito sa kanya. Sana lang ay magtuluy-tuloy na ang pagiging magkaibigan nila. Umaasam siyang hindi magtatagal at mamahalin siya nito.

Naka-school uniform na si Julia nang pumasok sa eskuwela. Mahigpit ang unibersidad sa pagpapatupad ng uniform ruling. Sa una at ikalawang araw lang ng klase pumapayag ang mga ito na hindi sila nakauniporme. Sa ikatlong araw ay dapat naka-complete uniform na sila. Dahil kung hindi, sa gate pa lang ay hindi na sila makapapasok.

Excited na sumalubong sa kanya si Sasha. Kinumpirma nito ang nasagap na balita mula kay Renize. Nakapagkuwento na pala rito ang huli.

“Grabe ka! Hinanap mo talaga ang bahay nila?” Nakipag-high five ito sa kanya habang kilig na kilig. “Paano mong nagawa iyon?” Mukhang bilib na bilib si Sasha sa kanya.

Napatingin siya sa paligid, wala pa roon si

Aldrin pero si Angelica ay nakasabay niya kanina sa pagpasok sa university gate. Nabuwisit nga siya nang hindi man lang nito ginantihan ang ginawa niyang pagngiti rito. Inirapan pa siya nito na parang may kasalanan siya rito. Hindi niya alam kung ano ba ang ikinagagalit ng babae sa kanya.

Kumabog ang dibdib niya nang makitang paparating na ang binatang nagpapatibok sa kanyang puso. Lalo itong gumuwapo sa suot nitong school uniform. Simpleng cream polo at black pants lang iyon, pero nadala nito iyon nang maganda. Napakalinis nitong tingnan at parang ang bangu-bango ng hitsura.

“Hi!” aniyang excited na kinawayan si Aldrin nang makapasok ito sa classroom nila. Kulang na nga lang ay salubungin niya ito at hilain para ipakita sa mga kaibigan niya na close na nga sila nito.

Natigilan siya nang tumingin ito sa kanya, pero imbis na ngumiti ay nagsalubong pa ang mga kilay. Parang hindi ito masayang makita siyang kumakaway rito.

Daig niya pa ang sinampal sa ginawa nitong pagbale-wala sa kanya lalo pa at nakita niyang nagtinginan sina Sasha at Renize matapos siyang dedmahin ng binata.

Tumuloy ito malapit sa kinauupuan ni Angelica at nagbulungan pa ang mga ito habang nahuhuli niya ang mga ito na paminsan-minsan ay lumilingon sa kanya. Parang siya ang pinag-uusapan ng dalawa.

“Sure ka bang hindi ka nagha-hallucinate, ”Te?” tanong ni Renize na tinapik-tapik ang balikat niya. Sa nangyari ay hindi siya magtataka kung isipin nga ng mga ito ang ganoon.

Namula ang kanyang mga pisngi dahil sa pagkapahiya sa mga kaibigan. Ang yabang niya pa naman na nagkuwento kay Renize pagkatapos ngayon ay dinedma siya ng lalaking ito nang bonggang-bongga!

“Baka naman girlfriend na niya si Angelica at ayaw pahalata na nakikipag-close siya sa ’yo,” pagbibigay-katuwiran ni Sasha sa nakikita.

Kung gayon ay naniniwala ito sa kanya na talagang nangyari ang mga ikinuwento niya kay Renize na ginawa nila ni Aldrin nang nagdaang araw.

May pagka-playboy pa yata ang lalaking ito! Hindi niya mapigilan ang sarili na mayamot sa ginawa ng binata sa kanya.

Walang nagbago sa kilos nito sa buong maghaponng iyon. Parang wala talaga silang pinagsamahan noong

nakaraang araw. Pakiramdam niya nga ay iwas na iwas pa itong tingnan siya.

Iniangkas nito sa motorsiklo si Angelica nang matapos na ang klase nila. Mukhang tama nga ang hinala ni Sasha na baka kasintahan na nito ang babae at ayaw lang magpahalata.

Pinaninikipan ng dibdib si Julia. Nais niyang sumigaw nang malakas dahil sa sama ng kanyang loob.

Gusto bang maglaro ni Aldrin?

Puwes, kung iyon ang gusto niya, maglalaro kami!
aniya sa sarili na nanggangalit ang mga ngipin.